Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-25 NG HULYO, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 164-T'2001*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING KAY G. VIRGILIO C. NAVARRO, PANGKAT-TAGAPAMAHALA, MACBAN GEOTHERMAL COMPLEX, BARANGAY LIMAO, CALAUAN LAGUNA NA MAPAGLAANAN NG INYONG TANGGAPAN ANG PANUKALANG PROYEKTONG "SANITARY LANDFILL" SA BARANGAY SAN JOSE, SANTA CRUZ, LAGUNA MULA SA LAANG BENEPISYONG IPINAGKAKALOOB NG INYONG TANGGAPAN SA ILALIM NG PAGSASAKATUPARAN NG E.R. NO. 1-94 PARA SA KAPAKANAN NG MGA KINAUUKULANG PAMAMAHALAANG LOKAL NA MAY MGA PASILIDADES PARA SA MGA NILIKHANG ENERHIYA O "ENERGY-RESOURCE DEVELOPMENT PROJECTS".*

*SAPAGKA'T*, sa ilalim ng Energy Resource No. 1-94 ay isinasaalang-alang ang pagkakaloob ng tuluyang benepisyo sa kinauukulang pamamahalaang lokal na may mga pasilidades para sa nilikhang enerhiya o pinagmumulan ng enerhiya (energy resources);

*SAPAGKA'T*, ang benepisyong ito ay maaaring magamit ng pamahalaang lokal para sa pagpapailaw, pagpapaunlad at pangkabuhayan, pangkalusugan, pangkapaligiran, watershed management at reforestration;

*SAPAGKA'T*, nagkaroon ng pagsa-survey sa naturang regulasyon upang matamo ang higit na mabisang paraan para sa mabilis na pagkakaloob ng benepisyo sa mga kinauukulang pamahalaang lokal na may pinagkukunan ng enerhiya;

*KUNG KAYA'T DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na hilingin kay G. Virgilio C. Navarro, Pangkat-Tagapamahala, Macban Geothermal Complex, Barangay Limao, Calauan, Laguna na mapaglaanan ng inyong tanggapan ang panukalang proyektong "sanitary landfill" sa Barangay San Jose, Santa Cruz, Laguna mula sa laang benepisyong ipinagkakaloob ng inyong tanggapan sa ilalim ng pagsasakatuparan ng E. R. No. 1-94 para sa kapakanan ng mga kinauukulang pamahalaang lokal na may mga pasilidades para sa mga nilkhang enerhiya o "energy-resource development projects".

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad at Pambayang Ingat-Yaman, bayang ito, at Macban Geothermal Complex, Calauan, Laguna, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan